# Biyayang Nagbibigay Katuwiran



## WARM-UP

- Naranasan mo na bang makatanggal ng mantsa sa isang mong damit na akala mo ay hindi mo na matatanggal? Ano ang nangyari?
- Anong lugar na napuntahan mo na ang gusto mong balikan balang araw? Bakit?
- Kung isusulat mo na ang huli mong habilin, kanino mo iiwan ang lahat ng ari-arian mo? Bakit siya ang napili mo?

## WORD

*. . . upang sa kanyang biyaya'y maituring tayong matuwid at makamtan natin ang buhay na walang hanggan na ating inaasahan.* **TITO 3:7**

(Basahin din ang **TITO 3:3–6.**)

Tayo ay naging matuwid sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos nang iligtas Niya tayo. Ang *justification* ay tumutukoy sa kinatatayuan natin sa Diyos—ginawa Niya tayong malinis sa Kanyang paningin. Sa sulat ni Pablo kay Tito, nagbigay siya nang malinaw na pagsasalarawan ng pagiging makasalanan natin bago natin nakilala ang Diyos—mangmang, masuwayin, naliligaw ng landas, alipin ng iba't ibang pagnanasa at kaligayahan, ginugugol ang panahon sa malisya at inggit, kinamumuhian ng iba, at napopoot sa isa't isa (Tito 3:3). Kung wala ang biyaya ng Diyos, ito pa rin ang kalagayan natin ngayon. Paano kumikilos ang biyaya ng Diyos na nagbibigay katuwiran? Paano Niya tayo iniligtas?

## 1 Iniligtas tayo ng Diyos mula sa dati nating makasalanang buhay.

*[4]Ngunit nang mahayag ang biyaya at pag-ibig ng Diyos na ating Tagapagligtas, [5]iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa, kundi dahil sa kanyang awa. Iniligtas niya tayo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na naghugas sa atin at nagbigay ng bagong buhay. . . .* **TITO 3:4,5**

Hindi tayo iniligtas ng Diyos dahil naging mabuti tayo o dahil karapat-dapat nating matanggap ang Kanyang pagsang-ayon. Bagkus, ang lahat ng ito ay dahil sa *Kanyang awa*. Siya lamang ang nagbibigay sa atin ng katuwiran, kahit pa karapat-dapat tayong tumanggap ng kaparusahan. Noong tayo ay mga alipin ng kasalanan, pinalaya tayo ng Diyos mula sa makasalanan nating pamumuhay. Paano nagbago ang pamumuhay mo magmula nang maranasan mo ang nagbibigay katuwiran na biyaya ng Diyos?

## 2 Iniligtas tayo ng Diyos sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus at ng Banal na Espiritu.

*[5]. . . iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa, kundi dahil sa kanyang awa. Iniligtas niya tayo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na naghugas sa atin at nagbigay ng bagong buhay. [6]Masaganang ibinigay sa atin ng Diyos ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Tagapagligtas . . .*
**TITO 3:5,6**

Dahil sa kaligtasang ibinigay ni Jesus, nararanasan natin ang *regeneration* na ginagawa ng Banal na Espiritu—ito ang pagbabago ng ating kaluluwa at espiritu. Ito ay nangyayari sa atin dahil sa pagtanggap natin kay Jesus bilang ating Panginoon at Tagapagligtas, sa pagkilala ng ginawa Niya para sa atin. Tinanggap Niya ang kamatayan na para sa atin upang sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo ay mapatawad ang ating mga kasalanan. Ito ay hindi dahil sa kung anumang nagawa natin. Bakit ito ginawa ng Diyos para sa atin?
(Mga Taga-Roma 5:8)

## 3 Iniligtas tayo upang matanggap natin ang buhay na walang hanggan.

*. . . upang sa kanyang biyaya'y maituring tayong matuwid at makamtan natin ang buhay na walang hanggan na ating inaasahan.* **TITO 3:7**

Ito ang buhay na mayroon tayo kay Jesus: Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya na nagbibigay katuwiran, tayo ay naligtas at *nakamtan natin ang buhay na walang hanggan*. Hindi lamang tayo naligtas mula sa kaparusahan na dapat nating matanggap dahil sa ating mga kasalanan. Tayo ay mayroong buhay na walang hanggan sa Kanya. Ang buhay na ito ay hindi lamang tungkol sa haba ng panahon na makakasama natin ang Diyos, kundi tungkol sa tunay ng uri ng buhay na ikasisiya natin. Paano ka nabubuhay ngayon na mayroon kang pag-asa sa buhay na walang hanggan?

## APPLICATION

- Mayroon pa bang mga bagay sa dati mong pamumuhay na binabalikan mo pa? Ano ang isang bagay na magagawa mo ngayong linggo upang anyayahan ang nagbibigay katuwiran na biyaya ng Diyos na tulungan kang magtagumpay sa bagay na ito?
- Paano mo magagawang mas umasa sa Kanyang biyaya at patuloy na isapamuhay ang kalayaan mo kay Cristo? Basahin at pag-aralan ang Tito 3:4–7 buong linggo.
- Ngayong linggo, kanino mo maibabahagi ang pag-asa ng buhay na walang hanggan na maaaring matagpuan kay Jesu-Cristo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagligtas at pagpapalaya sa iyo mula sa dati mong pamumuhay. Hingin sa Kanya ang kalakasan upang patuloy na tumanggi sa kasalanan, habang patuloy kang nagiging katulad ni Cristo.
- Hingin sa Diyos na lagi kang paalalahanan na hindi mo kailangang paghirapan ang pagiging matuwid, at bagkus ay tanggapin na ibinigay Niya ito sa iyo nang walang kapalit. Ipanalangin na hindi mo ipagsasawalang-bahala ang kaloob na ito ni Cristo.
- Ipanalangin ang iyong pamilya, kaibigan, at komunidad na hindi pa nakatatanggap ng pag-asa sa buhay na walang hanggan bilang mga tagapagmana ng kaharian ng Diyos.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph